

Light Reading  
Marso/Abril 2020

### **Tumulong sa amin na ikalat ang balita tungkol sa mga scammer!**

Sa mga nakaraang buwan, nakatanggap ang City Light ng maraming ulat hinggil sa mga scammer na nagtatangkang humingi ng pinansiyal at personal na impormasyon bukod pa sa pagbayad gamit ang isang pre-paid na credit card, na may pagbabanta ng pagtigil ng serbisyo sa mga customer.

*Hindi kami ganito makipagnegosyo.*

Kailangan namin ang iyong tulong sa pagkalat ng mensaheng ito! Ipaalam sa iyong mga kaibigan, kapamilya at mga kapitbahay na hindi kailanman tatawag o magpapadala ng email ang City Light sa mga customer at hihingi ng agarang pagbayad upang maiwasan ang mga pagtigil ng serbisyo. Ang sinumang mahuhuli sa mga pagbabayad ay makakatanggap ng hindi kukulangin sa dalawang nakasulat na abiso bago simulan ang proseso ng pagtigil ng serbisyo.

Kung may tatawag sa kanila na humihingi ng pagbayad para sa isang bill ng City Light, ang taong iyon ay isang scammer. Ibaba agad ang telepono at tumawag sa aming Customer Care Center (Sentro ng Pangangalaga para sa Customer) upang iulat ito sa (206) 684-3000.

Upang matuto nang higit pa tungkol sa kung paano mo matitigil ang mga scam, mangyaring bumisita sa [seattle.gov/light/EndScams](http://seattle.gov/light/EndScams).

### **Iba't Ibang Mapagkukunan ng Kuryente**

Noong 2005, ang City Light ang naging unang utilidad sa buong bansa na nakatamo ng zero net carbon emissions (pagtanggap sa atmospera ng lahat ng ibinubugang karbon na dulot ng gawa ng tao). Hanggang ngayon, kinukuha ang karamihan ng kuryente ng City Light sa aming malilinis na hydroelectric na pasilidad, na makikita mo sa aming mga mapagkukunan ng kuryente sa 2018 sa ibaba.

Biogas.....	1%
Tubig.....	86%
Nuclear*.....	5%
Hangin.....	7%
Hindi tukoy**.....	1%
Kabuuan.....	100%

*\*Kinakatawan ng fuel na ito ang isang bahagi ng kuryenteng binili mula sa Bonneville Power Administration.*

*\*\*Hindi nakatukoy ang mga fuel mula sa mga pakyawang pagbili sa merkado dahil hindi iniaatas ng mga kasalukuyang gawi sa merkado ng kuryente ang pagtukoy ng espesipikong pinagmumulan ng kuryente sa panahon ng pagbenta.*

### **Sagutan ang aming crossword sa panahon ng bagyo**

Huwag kalimutang subukan ang aming ikapitong taunang Crossword puzzle ng Seattle City Light at maisali para sa pagkakataong manalo ng isa sa limang kit para sa pagiging handa sa emergency. Para sa mga panuntunan at kwalipikasyon, bisitahin ang [energysolutions.seattle.gov/crossword](http://energysolutions.seattle.gov/crossword). Matatapos ang paligsahan sa Marso 20, 2020.

### **Malapit na Magbukas ang Mga Reserbasyon para sa Skagit Tours!**

Tuklasin kung saan nagmumula ang iyong carbon-free na enerhiya sa mga dam at boat tour sa North Cascades! Ang pagkuha ng reserbasyon sa Skagit Tours para sa darating na panahon ng tag-init ay magsisimula sa Abril, kaya kumuha na ng iyong mga ticket habang maaga pa. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang [SkagitTours.com](http://SkagitTours.com).

## Green Up!

Sumali sa programang Green Up (Maging Makalikasan) ng City Light upang makagawa ng pagbabago sa pamamagitan ng pag-ambag sa mas makalikasan at mas matatag na kinabukasan ng enerhiya. Magdagdag lang ng \$3, \$6, o \$12 sa iyong bill bawat buwan. Matuto nang higit pa sa pamamagitan ng pagbisita sa [seattle.gov/light/greenup](http://seattle.gov/light/greenup) o tumawag sa (206) 684-3800.

## Malapit Nang Ilabas ang Bagong Website ng Mga Serbisyong Utilidad

Lagi kaming naghahanap ng mga paraan upang gawing mas madali ang mga bagay para sa aming mga customer, at mayroong malaking upgrade na paparating para sa iyo. Maglalabas kami ng bagong website ng mga serbisyong utilidad.

Bukod sa mga umiiral na kakayahan kapag nag-online, kabilang sa mga karagdagang tampok ang:

- Madaling pag-sign up para sa pagsingil ng budget
- Availability ng data sa pang-araw-araw na paggamit ng enerhiya para sa mga customer na may mga advanced na metro
- Pinahusay na mga instrumento para sa serbisyo sa customer

Sa pagbubukas ng aming bagong website ng serbisyong utilidad, hihilingin sa mga customer na nagbabayad ng mga bill online gamit ang aming kasalukuyang sistema na gumawa ng bagong password. Sana ay magustuhan ninyo ang upgrade!

## Tip sa Kaligtasan mula Sa Field

*"Ang kawalan ng kuryente ay nagsisimula bilang isang maliit na abala ngunit maaaring madaling maging isang malaking kaganapan sa loob ng ilang minuto. Malayo ang nararating ng wastong paghahanda sa pagpapanatiling ligtas at komportable ka at ang iyong pamilya.*

*Upang matuto pa, bumisita sa [powerlines.seattle.gov/outage](http://powerlines.seattle.gov/outage)."*

## NAGTATRABAHO SA Iyong Komunidad

May mga tauhan ang Seattle City Light sa mga komunidad na ito na nagsisikap na magbigay ng maaasahang serbisyo:

- Arroyo/South Arbor Heights: nag-i-install ng mga tubo sa ilalim ng lupa, vault, at mga poste ng ilaw upang palitan ang naluluma nang imprastruktura;
- Atlantic/Chinatown-International District: pinapalitan ang mga luma nang poste ng utility, nakasabit na kable, at kagamitan upang makatulong sa pagpapahusay sa kasalukuyang sistema ng kuryente;
- Delridge: pinapalitan ang mga luma nang poste ng utilidad, nakasabit na kable, at kagamitan upang makatulong sa pagpapahusay sa kasalukuyang sistema ng kuryente;
- Downtown Seattle: nag-i-install ng mga tubo sa ilalim ng 4th Avenue upang mapanatili ang pagkamaasahan ng kuryente.
- Meadowbrook: paglilipat ng mga pansamantalang overhead na cable sa mga tubo sa ilalim ng lupa sa 35th Avenue NE;
- South Lake Union: nag-i-install ng elektronikong vault sa ilalim ng lupa malapit sa Fairview Avenue North at Republican Street.

Hindi kompleto ang listahang ito. Para sa mga detalye, pumunta sa [seattle.gov/light/atwork](http://seattle.gov/light/atwork) upang magkaroon ng access sa aming mapa at matuto tungkol sa mga indibidwal na proyekto.